タガログ語

# Kahilingan tungkol sa Talatanungan kaugnay sa Magkakasamang Pamumuhay ng mga Magkakaiba ang Kultura

Kahilingan ito tungkol sa talatanungan mula sa Nagano Prefectural Government.

Isinasagawa ang talatanungan upang malaman ang pag-iisip at damdamin ng lahat ng mga dayuhang namumuhay sa Nagano Prefecture.

Nais naming gamitin ang feedback ng lahat para sa paglikha ng pamayanan, at mga inisyatiba sa magkakasamang pamumuhay ng mga magkakaiba ang kultura sa hinaharap.

Sa Japan, namumuhay nang magkakasama sa isang pook ang mga taong magkakaiba ang bansa, kultura, at wika.

Upang gawing pamayanan kung saan makakapamuhay nang panatag ang loob, at makakatanggap ng tulong kapag may problema ang sinuman, napakahalaga ng opinyon ng lahat ng aktuwal na namumuhay rito.

Ang mga tanong sa talatanungang ito ay tungkol sa pamumuhay sa Nagano Prefecture.

Halimbawa,

"mga problema sa araw-araw na pamumuhay," "trabaho o paaralan, at pagpapalaki ng anak," "mga proseso sa ospital o tanggapan ng gobyerno," "tungkol sa pakikihalubilo sa mga Hapones" at iba pa.

Walang tamang sagot. Mangyari lamang na isulat ninyo kung ano ang inyong nararamdaman.

Malaya kang makakapagpasya kung sasagutan mo ang talatanungan o hindi.

Maaaring hindi ninyo sagutan ang mga tanong na hindi mo nais sagutan.

Hindi rin tatanungin ang iyong pangalan, address o iba pang impormasyon kung saan malalaman kung sino ka.

Mangyaring huwag mag-alala dahil hindi malalaman ng ibang tao ang nilalaman ng iyong isinulat.

Mangyaring sagutan mo ito gamit ang iyong computer o smartphone.

Mula sa URL o 2D code sa ibaba, makakapunta sa screen para sa pagsagot sa talatanungan.

Kahit mag-akses sa website na ito, hindi kayo hihingan o sisingilin ng pera.

[URL ng screen para sa pagsagot]

https://rsch.jp/6780c63a31b5bc50/login.php?CMPID=99&l=ja

Gagamitin ang resulta ng talatanungang ito para mapabuti ang suporta at serbisyo ng Nagano Prefecture para sa lahat ng mga dayuhan.

Makakatulong ang feedback ng lahat sa paglikha ng pamayanan na mas maginhawang matitirahan.

Kaunting oras lang ang kailangan para sa pagsagot, kaya't hinihiling namin ang iyong pakikipagtulungan.

Kung may bagay na hindi maintindihan, mangyaring magtanong kahit kailan sa mapagtatanungan na nakasulat sa panggabay na impormasyon.

Mangyaring ipaalam sa amin ang iyong feedback.

Maraming salamat.

[Mapagtatanungan]

Seksyon ng Magkakasamang Pamumuhay ng mga Magkakaiba ang Kultura,
Dibisyon ng Polisiya ng Prefecture, Departamento ng Kultura ng Prefecture, Nagano Prefecture
〒380-8570
692-2 Minami-Nagano Habashita, Nagano City, Nagano Prefecture
TEL　026-235-7132
E-mail　tabunka@pref.nagano.lg.jp